ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg. 18
Setyembre 21, 2017
www.philippinerevolution.info

## 11 armas, nasamsam sa Bukidnon

MATAGUMPAY NA DINIS-ARMAHAN ng BHB-Mt. Kitanglad Subregional Command ng North Central Mindanao ang malaking usurero ng Bukidnon na si Estelito Marabe. Kasama ni Marabe ang kanyang mga gwardya nang kumprontahin siya ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Tugaya, Valencia City noong Setyembre 9, alas-8:30 ng umaga. Nasamsam sa kanya ang isang ripleng M4, isang .45 pistola, at isang VHF na radyo. Ang disarma ay tugon ng BHB sa reklamo kaugnay sa pang-uusura sa mga manggagawa ng SUMIFRU. Pag-aari ni Marabe ang Asian Hills Bank na siyang ginagamit niya sa usura sa tabing ng maliitang pagpapautang *(microfinance)*.

Noong Agosto 25, dinis-armahan din ng isang yunit ng BHB-Eastern-Misamis Oriental-Northeastern Bukidnon (EMO-NEB) Subregional Command si Datu Keke Ansihagan sa Sityo Talangitog, Brgy. Eureka, Gingoog City. Nakuha sa kanya ang siyam na armas (dalawang *shotgun*, tig-isang karbin, Ingram at KG9 at apat na .45 pistola). Nasamsam din rin ang isang *rifle scope*, anim na *handheld radio*, mga bala, at iba pang gamit-militar.

Ginagamit ni Gingoog Mayor Marie Guingona si Ansihagan upang papasukin ang mga kontra-Lumad na proyekto ng estado tulad ng National Greening Program (NGP) sa mga

*"11 na armas...," sundan sa pahina 3*




EDITORYAL

# Diktadurang Marcos noon, bantang diktadurang Duterte ngayon

Ano pa nga bang araw ang pinakaangkop para buklurin ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino laban sa mga bantang pasistang diktadura ni Rodrigo Duterte higit sa ngayon na ipinataw ni Marcos ang batas militar at itinatag ang kanyang diktadura, 45 taon na ang nakaraan.

Ngayong araw, magtitipon-tipon ang puu-puong libong mamamayan sa mga lansangan sa punong lunsod at iba pang bahagi sa buong bansa upang ipamalas ang lumalawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino laban sa pang-aaping pampulitika, armadong panunupil at pasistang mga krimen ng naghaharing rehimeng Duterte.

Sa okasyong ito, nagkakaisa ang sambayanang Pilipino sa pagsingil sa lahat ng pasistang krimen, korapsyon at pagpapakatuta sa ilalim ng 14-taon ng batas militar ng diktadurang US-Marcos. Nais nilang pagbayarin si Marcos at ang kanyang mga kasapakat at alipures sa mga krimen na hindi pa nila napagbabayaran. Determinado silang hadlangan ang mga Marcos sa lahat ng plano nilang manumbalik sa Malacañang.

Matapos ang 45 taon, hindi nakalilimot ang sambayanang Pilipino sa duguang rekord, korapsyon at kabuktutan ng batas militar ni Marcos. Ang kolektibong pag-alaala ay naisalin na sa mga kabataang Pilipino na

kaisa ngayon sa sigaw na "Never Again!" (o "Kailanman, di na dapat maulit!"). Determinado silang labanan ang mga banta ng rehimeng Duterte na ipataw ang batas militar sa buong bansa, at ang anim na buwan nang batas militar sa buong Mindanao.

Ang rali ngayong araw ay pagpapamalas ng determinasyon ng sambayanang Pilipino na labanan ang mga plano ni Duterte na tularan ang kanyang iniidolong si Marcos na iluklok ang sarili bilang isang pasistang diktador at gamitin ang absolutong kapangyarihan para kontrolin ang buong makinarya at rekurso ng estado para sa sarili at kanyang mga alipures.

Inaasahang lalahok sa rali ang mga biktima ng tatlong pasistang gerang inilunsad ni Duterte. Sa loob lamang ng isang taon, daan-daan libong mamamayan na ang tuwirang naging biktima ng gera kontra-drogang Oplan Tokhang, todong-gerang Oplan Kapayapaan at gera sa Marawi at pagsupil sa armadong pag-aalsang Moro.

Ang mga biktima ni Duterte ang ngayo'y pinakadeterminadong kumilos para hadlangan ang imbing pasistang pakana na ipailalim sa batas militar ang buong bansa at paigtingin pa ang kampanya ng pagpatay at pagwasak. Nakatakdang makasama nila ang malawak na seksyon ng lipunang Pilipino kabilang ang iba't ibang partido at grupong pampulitika, mga simbahan, komunidad at iba pa.

Nasa gulugod ng malawak na hanay ng mga pwersang tumitindig laban sa pasismo, korapsyon at pagpapakatuta ng rehimeng Duterte ang mga pwersang pambansa-demokratiko. Ang masang manggagawa, magsasaka, kabataan-estudyante, maralita sa kalunsuran at iba pang aping sektor ay pawang determinadong hadlangan ang tiranong Duterte at papanagutin siya sa lahat ng krimen, utang na dugo at pagpapahirap niya sa sambayanan.

Nangangatog ang tuhod ni Duterte na bumwelo ang mga demonstrasyon sa lansangan at magluwal ng malawak na kilusan ng mamamayan na sumisigaw ng pagpapatalsik sa kanya sa poder. Ang inaasahang malaking rali ngayong araw ay tiyak na susundan pa ng mas marami pang demonstrasyon sa mga darating na linggo at buwan. Ang daan-daan libong biktima ni Duterte ay naghahanap ng daluyan ng kanilang mga hinaing. Dapat lamang na ilunsad ang mga pagtitipon mula sa mga barangay hanggang sa mga koliseyum upang maisakdal nila si Duterte at maipadinig sa madla ang kanilang hinaing at kolektibong galit.

Nagbabanta si Duterte na gamitin ang kamay-na-bakal para supilin ang mga demonstrasyon at pigilan ang pagbwelo ng isang kilusan kontra sa kanyang pasistang paghahari. Lumilikha siya ng senaryo ng "gulo sa lansangan" para takutin ang mga nais lumahok sa mga rali. Naglulubid siya ng buhangin tungkol sa "pagsama ng NPA sa mga rali" upang bigyang-matwid ang pagdedeklara ng batas militar sa buong bansa.

Nagkukumahog si Duterte na ganap na imonopolyo ang kapangyarihang pampulitika at patahimikin ang lahat ng tumututol sa kanyang mga programa at patakaran. Lubos na niyang kontrolado ang AFP, PNP at ang mababang kapulungan ng kongreso gamit ang panunuhol at pagbabanta. Nais niyang pasunurin sa kanyang pasya maging ang Korte Suprema, ang Comelec at lahat ng barangay. Pinagbabantaan niya ang sinumang hindi sumusunod sa kanyang kumpas.

Itinutulak ni Duterte ang pagtatatag ng isang pasistang diktadura sa harap ng lumalalang pampulitikang pagkahiwalay, desperasyong madaliin ang todong-liberalisasyon ng ekonomya at ipatupad ang daan-daang bilyong pisong mga proyektong pang-imprastrukturang pinaglalawayan ng mga kasapakat niyang burukratang kapitalista at burges kumprador. Minamadali niya ang pagsasabatas ng kanyang 2018 na badyet panggera at korapsyon at bagong mga pasaning buwis na pangako niya sa mga uutangan ni-

"Editoryal...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 18 | Setyembre 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Diktaduryang Marcos noon, nagbabantang diktadurang Duterte ngayon 1
11 armas, nasamsam sa Bukidnon 1
Makinarya sa korapsyon at pasismo 3
Agresibong liberalisasyon 4
Makabayan, kumalas sa supermayorya 4
Megarailway: kontra-kaunlaran 5
Rebolusyonaryong pagtatanggol sa lupang ninuno 6
Kumperensya ng Pagtatanggol 7
Mga pagpaslang, pinatindi 8
Ka Marcos Aggalao, 74 9
Duguan ang kamay ni Ramon Ang 10
Mga protesta tungo sa Setyembre 21 11
Sapilitang pagpapalikas sa mga Rohingya 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Makinarya para sa korapsyon at pasismo

Muling nagbanta si Rodrigo Duterte ng GRP na ipataw sa buong bansa ang batas militar sa harap ng lumalawak na paglaban ng mamamayan sa kanyang rehimen. Oras na gawin ito, ganap na niyang mabubuo ang makinarya ng pasistang diktadura na malaon na niyang isinusulong upang tiyakin ang pagpapanatili at posibleng pagpapalawig ng kanyang paghahari.

Mula pa noong nakaraang taon, sa pamamagitan ng korapsyon at pagbabanta, pinahigpit ni Duterte ang kanyang kontrol sa iba't ibang sangay, institusyon at ahensya ng gubyerno. Tahasan ang pagbibigay niya ng espesyal na pabor sa militar at pulis kabilang ang paghirang sa mga retiradong heneral at upisyal ng militar at pulis sa kanyang gabinete at iba't ibang sangay ng burukrasyang sibil.

Isa sa unang kautusan ni Duterte, ang Executive Order (EO) 3 ay nag-uutos ng pagtataas ng "combat pay" at mga insentibo para sa mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP). Upang lalong makuha ang katapatan ng mga sundalo at pulis, paulit-ulit niyang ginarantiyahan ng ligal na proteksyon ang mga ito.




Katulad ni Marcos, binibigyan ni Duterte ng espesyal na pabor ang mga susing upisyal sa seguridad. Sa bisa ng EO7, binigyan niya ng higit na kapangyarihan si Sec. Delfin Lorenzana ng DND sa pamamagitan ng pagtalaga sa kanya bilang pinuno ng Security, Justice and Peace Cluster ng gabinete. Si Lorenzana ang pinaka-Enrile ni Marcos na nagsisilbi ring pangunahing daluyan ng mga dikta ng imperyalismong US.

Binibigyan naman niya ng espesyal na pabor si Gen. Eduardo Año, kasalukuyang pinuno ng AFP. Hindi pa man natatapos ang termino sa AFP, itinalaga na siyang kalihim ng DILG at ipinailalim sa kanya ang Participative Governance Cluster. Tahasang panunuhol ang EO 18 ni Duterte na nagbibigay-kapangyarihan sa hepe ng AFP na aprubahan ang mga kontrata sa pagbili ng mga kagamitan nang walang pagsusubasta.

Inaangkin ni Duterte ang dagdag na pribilehiyo nang inilabas niya ang EO 34 na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan na pagtibayin ang mga pagbili nang hanggang P500 milyong piso na hindi dumadaan sa subasta.

Sa kongreso, nabuo at napananatili niya sa pamamagitan ng korapsyon at panunuhol ang kanyang "supermayorya" bilang tagapagpatibay ng kanyang mga kautusan at mga nais gawin o baguhing batas. Ginagamit ni Duterte ang kapangyarihan ng badyet upang suhulan ang mga kongresista na makakuha ng bahagi sa daan-daang bilyong pisong programang pang-imprastruktura.

Sa pamamagitan ng "supermayorya," paspasang pinagtibay ang deklarasyon ng batas militar sa Mindanao, ang pagpapalawig nito hanggang Disyembre at ang itinutulak na bagong mga buwis. Mabilis ring napagtibay ang mga hakbanging pasista tulad ng National ID. Nakaamba na rin ang pagpapasa ng ROTC, at pagamyenda sa Anti-Terrorism Law at Anti-Cybercrime Act.

Inihain naman sa senado ang panukalang batas laban sa "pekeng balita" na magtuturing na krimen ang anumang pagpapakalat ng balita o impormasyon na ituturing nilang nakasisira sa imahe ng indibidwal o ng rehimen. Para higit pang makontrol ang impormasyon, ipinagbabawal na ng PNP ang pagkuha ng midya ng mga *spot report* o

---

*"11 na armas...," mula sa pahina 1*

lupang ninuno gamit ang Certificate of Ancestral Domain Title. Dahil sa kanya, nailatag ang plantasyon ng *falcatta* (kahoy na pinoproseso para maging papel) sa halos 20,000 ektaryang lupang ninuno kung saan apektado ang 300 pamilyang Lumad. Aktibo siya sa pananakot, panlalansi at pagtigil sa mga Lumad na magsaka sa kanilang mga lupa.

Samantala, pinalaya ng BHB-Guerrilla Front 18, Southern Mindanao, si Senior Police Officer 2 George Cañete Rupinta noong Setyembre 15 sa Maco, Compostela Valley. Ipinasa siya sa kanyang pamilya at sa Exodus for Justice and Peace, ang organisasyong tumayong tagapamagitan.

Si Rupinta, na 28 taon nang pulis, ay dinakip sa isang tsekpoynt ng 6th Pulang Bagani Company noong Hunyo 9 sa Barangay Tagugpo, Lupon, Davao Oriental. AB

*"Editoryal...," mula sa pahina 2*

yang dayuhang bangko.

Kung tutuusin, may limang taon na lamang si Duterte para busugin ang mga upisyal militar, ang mga burukratang kapitalista at mga burgesyang komprador. Liban na lamang kung magtagumpay siya sa pakanang palawigin nang di bababa sa walo pang taon ang kanyang panunungkulan sa pamamagitan ng pagbabago sa konstitusyon sa tabing ng "pederalismo."

Sa pagmamatigas ni Duterte na isagasa ang kanyang tripleng gera, pasistang paniniil, korapsyon at mga programa at patakarang anti-mamamayan at maka-imperyalista, lalo lamang niyang inuupatan ang mamamayan na mabilis na palakasin at palawakin ang kanilang paglaban. AB

paunang mga ulat para salain ang mga impormasyon laluna ukol sa mga pinapaslang sa ngalan ng "gera kontra-droga."

Sinuspinde muli ang lokal na eleksyon sa barangay at Sangguniang Kabataan para matiyak ang kontrol niya sa lokal na mga pamahalaan. Gamit ang pampublikong pondo, umaabot sa P1.4 bilyon ang ilalaan para sa binubuo ng rehimen na Kilusang Pagbabago, MASA-MASID at Community Mobilization Project para gamitin bilang makinarya sa pagpapalaganap ng kanyang propaganda, paniniktik at panunupil sa mamamayan. Aabot naman sa P313 bilyon ang ilalaang badyet para sa Oplan Kapayapaan at "gera kontra-droga."

Pinamamadali na rin ni Duterte ang pagbabago ng konstitusyon para sa pederalismo sa layuning lubos na makonsentra sa kanya ang kapangyarihang pampulitika. Nangako ang kanyang mga alipures na mababago na ang konstitusyon sa 2019, at kapag natupad ito, posibleng manatili siya sa poder hanggang 2025.

Para tiyakin ang mabilis at walang sagkang pagpapatupad ng kanyang mga plano, isa-isang pinatutumba ni Duterte ang mga kumakalaban sa kanya. Pinatatanggal na niya ang Punong Mahistrado ng Korte Suprema at pinagbabantaan ang pinuno ng COMELEC at ang Ombudsman.

Pinaburan niya ang pagpapalaya kay Jinggoy Estrada, at nakahanda na rin ang pagpapalaya kay Ramon "Bong" Revilla. Napapabalitang kapalit ng kanilang paglaya ang pagtestigo nila laban sa mga sangkot sa korapsyon noong nakaraang administrasyon, patahimikin ang mga pulitiko sa oposisyon at hatiin ang mga pwersang anti-Duterte.

Tulad sa militar at pulis, pinapangakuan ni Duterte ng proteksyon ang lahat ng burukrata-kapitalistang papanig sa kanya. AB

# Agresibong liberalisasyon, itinutulak ng rehimen

MULA'T SAPUL, MALINAW ang makadayuhan at neoliberal na tunguhin ng rehimeng US-Duterte sa larangan ng ekonomya. Nakatuon ang kanyang mga patakaran sa pagpapanatili sa malakolonyal at malapyudal na ekonomyang nakaasa sa dayuhang pamumuhunan at nakatuon sa kanilang mga pangangailangan.

Pangunahin dito ang programang "Build, Build, Build" na nakaasa sa dayuhang pautang at pakikinabangan ng pinakamalalaking burgesyang kumprador at dayuhang kumpanya. Nitong taon, pinaarangkada pa ng rehimen ang mga paghahanda para sa kanilang walang-sagkang pandarambong ng likas na yaman, rekurso at murang paggawa ng bansa.

Katuwang si Gloria Macapagal-Arroyo, batikang tagapagtaguyod ng neoliberalismo, sunud-sunod na itinulak ni Duterte ang mga batas at hakbang para lubusan nang ibukas sa dayuhang pagmamay-ari at pandarambong ang lokal na ekonomya. Epektibo nitong iniikutan ang mga probisyon ng konstitusyon laban sa dayong kontrol sa ekonomya. Sa usaping ito, walang kapantay ang pagpapakatuta ng rehimeng Duterte sa dayuhang monopolyong kapital.

Bago magtapos ang taon, nakatakdang ilabas ng rehimen ang "pinaikling" foreign investment negative list (FINL), ang listahan ng negosyo at trabahong bawal pasukin ng mga indibidwal o kumpanyang buong pag-aari ng mga dayuhan. Sa balangkas ng "agresibong liberalisasyon ng ekonomya" na isinusulong ng National Economic and Development Agency (NEDA), balak alisin sa FINL ang mga pinansyal na institusyon at kumpanya, edukasyon, telekomunikasyon, masmidya, *forestry*, mga bahagi ng sektor pangkalusugan at iba pa.

Partikular na ihahantad ng re-

"Liberalisasyon...," sundan sa pahina 5

## Makabayan, kumalas na sa supermayorya

PORMAL NANG KUMALAS noong Setyembre 14 ang Makabayan Bloc sa "supermayorya" o alyansa ng iba't ibang partido sa loob ng kongreso na sumusuporta kay Rodrigo Duterte. Naging bahagi ang Makabayan Bloc sa pormasyong ito bilang pagsuporta sa naunang mga pangako ni Duterte na isusulong niya ang mga adhikain ng mamamayan.

Sa loob ng mahigit isang taon, binigyan ng Makabayan si Duterte ng pagkakataong patunayan ang mga pangako nito sa bayan.

Sa inilabas nitong pahayag, idineklara ng pitong progresibong kongresista ang deklarasyong humiwalay sa koalisyon ng mayorya dahil "lubusan nang nakalantad ang administrasyong Duterte bilang isang pasista, makaimperyalista at kontra-mamamayang rehimen."

Tinukoy ng Makabayan na sa loob ng isang taon, umabot sa 13,000 ang pinatay na mahihirap sa isinagawang "gera kontra droga" ng rehimeng Duterte.

Ang pagkalas ng Makabayan ay pagpapatupad ng kanilang tungkulin at paninindigan, bilang mga makabayan at progresibong mambabatas, para isulong ang interes ng mahihirap at inaaping sektor ng lipunan. Sa loob at labas ng kongreso, nangako ang grupo na puspusang labanan ang pasistang rehimeng US-Duterte at panagutin ito sa malawakang paglabag sa karapatang-tao at pagpapahirap sa mamamayang Pilipino.

himen sa dayuhang kapital ang sektor ng konstruksyon at industriya ng asero, mga larangang may malaking kaugnayan sa programa nitong "Build, Build, Build." Sa halip na itayo ang mga pabrika ng asero para maging salalayan ng komprehensibong pag-unlad ng ekonomya, bibigyan nito ng sertipikasyon ang mga dayuhang kumpanya bilang mga lokal na kumpanya, sa kapinsalaan ng produksyong Pilipino. Kasabay nito, papahintulutan ng rehimen ang pagsuplay ng mga dayuhang kumpanya ng mga materyal, gamit at iba pang kalakal sa mga korporasyon, kumpanya, ahensya—nasyunal at lokal—na pagmamay-ari o kontrolado ng estado. Sasaklawin nito ang pinakakapaki-pakinabang na mga proyekto, tulad ng paglalatag ng mga tulay, daan, paliparan at riles.

Ibubuyangyang din ng rehimen ang sektor ng pampublikong serbisyo, kasabay ng lubusang pribatisasyon nito. Bilang paghahanda, inamyendahan sa kongreso nitong Setyembre ang Public Service Act, kung saan sadyang tinanggal ang probisyon kaugnay ng restriksyon ng pagmamay-ari ng mga dayuhang kumpanya, isang probisyong nakasaad din sa reaksyunaryong konstitusyon. Sa gayon, maaari nang lubos na magmay-ari ang isang dayuhang kumpanya o indibidwal sa konstruksyon, operasyon at distribusyon ng mga ito. Kasabay nito, itinakda na lamang bilang "public utility" ang mga indibidwal, kumpanya o serbisyong nagsisilbi sa publiko sa paghahatid ng elektrisidad at tubig, gayundin sa larangan ng *sewerage*. Tinanggal sa listahan ng mga "public utility" ang telekomunikasyon at transportasyon. Ang iba pang mga serbisyo ay kailangang ideklara muna ng kongreso para ituring na "public utility."

Bago nito, sunud-sunod na pinirmahan ni Duterte noong Abril ang tatlong kautusang nagpalawig sa mga komitment ng bansa sa World Trade Organization ng pagtanggal at pagpapababa ng mga taripa sa mga inangkat na produkto. Kabilang dito ang higit na pagpapababa ng mga taripa sa mga produktong agrikultural at tuluy-tuloy na pag-aangkat ng bigas nang lampas 800,000 metriko tonelada. Pinalawig din niya ang walang-buwis na pagpasok ng mga makinarya, pyesa, gamit elektroniko tulad ng mga *cellphone* at iba pang *gadget*.




Kasabay nito, pinapaspasan ngayon ng rehimen ang pagpapasa sa National Land Use Act (NLUA) saan muling ikakategorya ng estado ang gamit ng mga lupa, kabilang ang mga lupang agrikultural at pampubliko. Sa nakaraan, ginamit ng NEDA ang panukalang ito para kontrahin ang itinutulak ni Rafael Mariano, dating kalihim ng Department of Agrarian Reform, na moratoryum sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural. Sa ilalim ng NLUA, walang moratoryum at pahihintulutan ang pagpapalit-gamit ng mga hindi primera klaseng mga lupang agrikultural para diumano sa pabahay, mga proyektong pang-enerhiya at iba pa. Ipagbabawal din ng NLUA ang pagsasaka sa mga pampublikong lupain na idedeklarang kagubatan, isang hakbang na hindi naiiba sa mga hakbang ngayon ng National Greening Program na ginagamit para ilatag ang malalawak na plantasyon ng komersyal na kahoy sa mga pampublikong lupain. AB

# Megarailway: Anti-mamamayan at kontra-kaunlaran

Simula nang maupo si Rodrigo Duterte sa poder, bukambibig na niya ang kanyang pangarap na Megarailway, ang sistema ng riles na durugtong sa mayor na mga syudad sa Luzon at Mindanao. Pangunahing bahagi nito ang North South Railway Project (NRSP), Mindanao Rail System at Clark-Subic Rail.

Hindi bago ang mga proyektong ito. Naantala sa panahon ng rehimeng Arroyo ang NSRP dahil sa korapsyon samantalang ang Mindanao Rail System at Clark-Subic Rail ay nailista na sa proyektong Public-Private Partnership (PPP) ng rehimeng Aquino. Walang binago ang rehimeng Duterte sa disenyo at layunin ng mga proyektong ito. Nananatiling anti-mamamayan, anti-nasyunal at anti-kaunlaran ang mga ito. Wala itong idudulot kundi malawakang dislokasyon ng daanlibong mamamayan at pagkabaon sa utang ng bansa habang milyun-milyon ang kikitain ng pinapaborang mga burgesyang kumprador at dayuhang kumpanyang hahawak sa konstruksyon at operasyon ng naturang sistema.

Sa ilalim ng NSRP pa lamang, mahigit 600,000 bahayan ang nakatakdang mademolis sa susunod na dalawang taon.

Ayon sa tala ng National Housing Authority, aabot sa 15,000 pamilya ang apektado mula Maynila hanggang Batangas, 25,000 kung hanggang Quezon Province at halos 500,000 kung hanggang Bicol. Subalit 50,000 pabahay lamang ang nakalaan para sa mga residenteng matataboy. Hindi pa kabilang sa datos na ito ang mga nangungupahan at nakikitira sa mga kamag-anak.

Mayorya naman sa mga residenteng naitaboy sa malalayong relokasyon sa kahabaan ng Ca-

# Rebolusyonaryong pagtatanggol sa lupaing ninuno

Higit na pagkakaisa sa pagsulong ng armadong pakikibaka ang tugon ng Rebolusyonaryong Organisasyon ng Lumad (ROL) sa tumitinding atake ng naghaharing estado laban sa kanilang lupaing ninuno. Kasabay nito, nagbuklod ang mga Lumad na higit pang isulong ang kanilang rebolusyonaryong tradisyon at kultura sa gitna ng panunupil. Ang ROL ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga Lumad na kabilang sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Nagpatuloy ang pag-atake sa mga komunidad ng Lumad sa ilalim ng kontra-insurhensyang kampanyang Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte at ng ipinataw nitong batas militar sa Mindanao. Binigyang lisensya ni Duterte ang kanyang militar at pulis na "patagin ang mga kabundukan" at bombahin ang mga paaralang Lumad, at inalipusta ang kanilang makatarungang pakikibaka sa pagsabing ginagamit lamang umano sila ng rebolusyonaryong kilusan. Nagpatuloy ang pamamaslang at panggigipit sa kanilang mga lider at sinumang inaakusahan nilang tagasuporta ng BHB. Tuluy-tuloy din ang militarisasyon at pambobomba sa kanilang mga komunidad.

Kasapakat sa mga kalupitang ito ay ang ilang inudyukang Lumad na ipinaloob ng AFP sa mga grupong paramilitar. Ang mga grupong ito, na nagpapakilala bilang Alamara, Magahat, Bagani Force, Black Fighter, NIPAR at iba pa, kadalasan ay mga kapamilya ng mga nasa ROL na ginagamit ng militar upang dahasin ang kanilang mga kapwa Lu-

"Pagtatanggol...," sundan sa pahina 7

---

"Megarailway...," mula sa pahina 5


loocan at Malolos noon pang 2008 ang nagsibalikan sa tabing riles dahil sa kawalan ng kabuhayan. Tinatayang aabot ito sa 40,000 pamilya.

Sa tabing ng *official development assistance* (ODA), na sa esensya ay pautang, tutustusan ng mga dayuhang kapitalista ng Japan at China ang pagtatayo ng NSRP. May mahigit P400 bilyong pondo na ang nakalaan dito.

Planong idugtong sa itatayong North Railway ang proyektong Subic-Clark Cargo Rail.

Sa Mindanao, iilang burgesyang kumprador, dayuhang kapitalista at panginoong maylupa naman ang makikinabang sa proyektong Mindanao Railway System ng rehimen. Nag-uunahan ngayon ang San Miguel Corporation, Metro Pacific Investments Corporation, Ayala Corporation at Megawide Construction Corporation na makopo ang kontrata sa pagpapatakbo ng riles. Sisimulan sa susunod na taon ang konstruksyon ng unang bahagi ng riles na magdurugtong sa mga bayan ng Tagum, Digos at Davao City. Sasaklawin nito ang 340 ektarya na mga lupang agrikultural sa kahabaan ng Maharlika Highway. Libu-libong magsasaka ang maitataboy sa kanilang lupa.

Ang mga proyektong ito ay bahagi ng listahan ng 75 mayor na proyektong ipinangangalandakan ng rehimen. Mayorya ng mga proyektong ito ay dati nang nakalista




sa programang PPP ng rehimeng Aquino.

Sa gayon, ito ang larawan ng Dutertenomics: malawakang dislokasyon, pangangamkam ng lupa at demolisyon ang nakaamba sa milyun-milyong pamilya sa buong bansa. Dagdag na pasanin pa ng mamamayan ang bigat ng pagbabayad ng utang at interes sa ODA, mga garantiya sa tubo sa mga pribadong opereytor at dagdag buwis na ipapataw ng gubyerno. Balewala sa rehimeng Duterte ang pangunahing pangangailangan ng mamamayan, sa halip kinaltasan pa ang badyet sa serbisyong panlipunan.

Ni hindi naglaan ng pondo ang gubyerno para sa paglikha ng pabahay. Babarya lamang ang P2 bilyong badyet na nakalaan sa taong 2018 sa NHA kung ikukumpara sa P100 bilyong pondong kailangan nito para tugunan ang 5.5 milyong walang sariling tirahan.


Kung gayon, tiyak na lolobo pa ang bilang ng maralitang lungsod at walang sariling lupa sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Anumang pakete at pagpapabango nito at kanyang mga upisyal sa ekonomya, ang Dutertenomics at programang BBB ay hindi na bago at tiyak na hindi bayan ang makikinabang. AB

mad. Sa ilalim ng *IP-centric Approach* ng Oplan Bayanihan at Oplan Kapayapaan, nagtatayo ang militar ng mga grupo ng armadong Lumad upang itaboy ang kanilang kapwa Lumad na nagtatanggol ng lupaing ninuno kontra sa pagpasok ng mga kumpanya sa pagtotoroso at pagmimina.

Sa harap nito, pagpapaigting ng armadong pakikibaka ang kapasyahan ng ROL. Pinagkaisahan ito ng mga rebolusyonaryong datu sa ginanap na Kumperensya ng Pagtatanggol noong Disyembre 2016. Naging resolusyon din sa naturang pagtitipon ang pagkilala sa BHB bilang tanging hukbong nakikipaglaban para sa kagalingan ng Kalumaran; paglaban sa pagbubuo at paglaganap ng mga grupong paramilitar; pagsagawa ng lahat ng paraan upang paalisin ang AFP sa lupaing ninuno; pagbantay at paglaban sa pang-aagaw ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri sa kanilang lupain; at pagpalawak sa pagkakaisa ng lahat ng tribu.

Bunga ng gayong mga resolusyon, pinag-ibayo ng mga komunidad ang kanilang mga sistema ng depensa. Gagamit sila ng mga katutubong armas tulad ng bitag at tulos na inilalatag sa paligid ng komunidad, at mga *shotgun* na karaniwang gamit ng mga Lumad. Daragdagan ang mga ito ng mas modernong mga sandata. Tuluy-tuloy din ang mga pagsasanay-militar para sa mga milisya na laking-iskwad o platun ang mga treyni. Sa isang munisipalidad ng demokratikong gubyernong bayan, umaabot sa isang batalyon ang kasapian ng milisyang bayan.



Pinauunlad din ng mga Lumad ang iskedyul ng pagbabantay sa komunidad kabilang na ang mga komunal na sakahan laluna sa panahon ng tag-ani. Itinaas ang pag-alerto ng mga residente at maging ang pisikal na istruktura ng mga komunidad ay iniangkop na rin sa digma. Nagbuo rin ng isang komite na panapanahong nagtatasa sa seguridad.

**Rebolusyonaryong tradisyon**

Magiting ang rebolusyonaryong tradisyon ng Kalumaran laban sa pang-aagaw sa kanilang lupaing ninuno. Mayaman ang kanilang kasaysayan ng paglaban at pagtatanggol sa kanilang lupain laban sa pandarambong mga dayuhang korporasyon at burgesyang komprador. Gamit nila ang mga pana at ilang baril, nataboy nila ang kumpanya at ang AFP. Ngayon, ang *pangayaw* (digma sa pagitan ng mga tribu) na sa tradisyon ay inilulunsad laban sa ibang komunidad ay pinagkaisahang iuumang na lamang laban sa AFP.

Armadong paglaban ang pagharap ng mga Lumad sa mga yunit ng AFP. Naiiba ang kanilang pata-

## Pagtatanggol ng mga Lumad

SA KABILA NG tuluy-tuloy na mga operasyon ng AFP at mga grupong paramilitar nito, inilunsad ng ROL sa Mindanao ang Kumperensya ng Pagtatanggol noong Disyembre 24-26, 2016. Dinala ng kumperensya ang temang Pagpupulong sa pagdepensa para makamit ang tunay na kapayapaan sa pamumuhay sa lupaing ninuno.

Dumalo sa kumperensya ang may 200 rebolusyonaryong datu mula sa iba't ibang bayan. Kinakatawan nila ang mga komunidad ng Manobo sa mga komiteng rebolusyonaryo sa kanilang lugar, gayundin ang iba pang mga komunidad na inoorganisa sa ilalim ng ROL.

Napuno ang dalawang araw na kumperensya ng mga bahaginan ng karanasan sa pakikibaka ng iba't ibang komunidad, mga katutubong pangkulturang pagtatanghal, pag-aaral sa kalagayan ng Kalumaran at kasaysayan ng kanilang rebolusyonaryong paglaban, paghapag sa mga rebolusyonaryong pagpapaunlad ng mga tradisyon at aktibidad, at deklarasyon ng kanilang pagkakaisa sa armadong pakikibaka. Sa ikatlong araw, kasabay na ipinagbunyi ang matagumpay na kumperensya sa selebrasyon ng ika-48 anibersaryo ng PKP.

Sa loob lamang ng isang linggo ay naihanda na ang lahat ng delegado dahil batid din ng mga datu ang bigat ng usapin. Para makarating sa kumperensya, tinalunton ng karamihan ang mga daan sa gubat at bukid. Ang delegasyon mula sa isang komite ay tatlong araw na naglakad mula sa kabilang bayan. Kasama rin ng mga delegado ang kanilang mga katribu na makikiisa sa selebrasyon ng anibersaryo ng Partido.

Binuksan at isinara ang aktibidad sa pamamagitan ng tradisyunal na dasal mula sa iba't ibang grupong Lumad.. Partikular na hiningi nila ang tapang ng kinikilalang makapangyarihang espiritu sa digma mga Lumad. Bago magtapos, nag-alay ng hayop ang kumperensya at ipinang-pirma ang dugo nito sa malaking tela na nagsasaad ng kanilang deklarasyon ng pagkakaisa. AB

karan sa pagharap sa mga grupong paramilitar na Lumad. Prayoridad ng ROL ang makabig sila sa rebolusyon sa pag-ugnay sa kanila ng mga kamag-anak at kakilala sa ROL. Ilang komunidad na ang nabalikan ng ROL at ng hukbong bayan sa gayong paraan. Maraming dating paramilitar ang muling nagiging aktibo sa rebolusyon.

Malaking tulong din sa pagpanumbalik sa suporta ng mga narekrut ng mga grupong paramilitar ang pinauunlad na mga komunal na sakahan. Naglaan ang bawat komunidad ng mga parsela ng lupa na pagtatamnan ng karagdagang konsumong gabi, kamoteng kahoy, at kamote ng mga pamilya. Ang ilang paramilitar na dating inudyukang magnakaw ng mga ani at sumira sa mga pananim ay nagpapahayag na ng kagustuhang lumahok sa mga komunal na sakahan.

Gayundin, kolektibo nilang sinisikap na pigilan ang pagpasok at rekrutment ng paramilitar ng mga komunidad. Ang mga karatig-komunidad na kinikilusan ng ROL ay nag-aalay ng mga hayop sa naturang komunidad, mula sa manok hanggang sa kabayo, bilang simbolo ng kapayapaan.

Salik din sa pagbawi sa mga sumama sa mga paramilitar ang mga aksyong militar ng BHB. Halimbawa, ilang araw matapos ang operasyong haras ng BHB sa isang detatsment ng AFP, nagpahiwatig ng pagsurender ang isang rekruter ng mga Alamara.

Katugon ng pagpapaunlad sa mga komunidad ng Lumad bilang mga komunidad na nakikidigma para sa lupaing ninuno, tuluy-tuloy din ang pagpapadala ng ROL ng mga tauhan para maging mga regular na Pulang mandirigma. Sa isang larangang gerilya, mulat silang nagrerekrut mula sa kanilang kasapian ng bagong mga Pulang mandirigma. Batid nilang sa paglakas ng BHB, higit pang napalalakas ang pangunahing pwersa ng mga komunidad sa armadong pagtatanggol sa kanilang lupaing ninuno. AB


# Mga pamamaslang, pinatindi

Lalong namayagpag sa pang-aaresto at pamamaslang ng mga sibilyan ang pasistang militar mula nang magdeklara si Duterte ng gantimpalang pera sa bawat ulo ng "rebelde" na maiprisinta ng mga sundalo. Kasabay nito, animo'y naging padron na ang pag-uulat ng AFP ng mga pekeng engkwentro upang maging kapani-paniwalang mga Pulang mandirigma ang bangkay ng mga sibilyang ipiniprinsinta nila sa publiko.

**Bicol**. Umaabot na sa mahigit 10 sibilyan ang pinatay at tatlo ang pinagtangkaang paslangin sa loob lamang ng kalahating taon sa loob ng rehiyon. Pinakahuli rito ang pagpatay kay Vincent Jaylord Vereces Pequiro, 15, na nanonood lamang ng basketbol sa Brgy. Libertad, Cawayan, Masbate nang barilin ng mga tropa ng 3rd Platoon Alpha Company, 2nd IB noong Setyembre 16. Sugatan naman si Reymart Versaga, 23, sa sumunod na walang habas na pamumutok. Parehong residente ng Brgy. Libertad ang dalawang biktima.

Ayon sa maraming nakasaksi, nag-iinuman ang mga militar sa *barangay hall* at plasa nang aksidenteng pumutok ang isa sa kanilang mga baril at nasugatan ang isang sundalo. Kagyat na pinuntirya ng mga lasing na militar ang binatilyong si Vincent at sunud-sunod na nagpaputok sa direksyon ng *basketball court*. Kinabukasan ay inireport ng militar na naengkwentro nila ang BHB at isa sa mga napatay nilang Pulang mandirigma si Pequiro.

Nauna rito, binaril hanggang mamatay si Alvin Oplida, 26, residente ng Barangay Maalo, Juban, Sorsogon, noong Setyembre 13. Naghihintay ng mga pasahero sa kanyang minamanehong *habal-habal* si Oplida nang barilin siya ng apat na lalaki na sakay ng dalawang motorsiklo.



Binaril naman si Kgwd. Salvador "Buddy" Atienza ng Brgy. Trece Martirez, Casiguran, Sorsogon ng mga lalaking nakamotorsiklo noong Setyembre 12. Namamasada siya noon ng kanyang traysikel sa Sityo Cagdagat, Brgy. Boton nang barilin siya ng mga salarin. Namatay siya sa ospital dulot dito. Matagal nang pinaratangan ng 31st IB si Atienza na tagasuporta ng BHB.

**Isabela.** Dinukot at pinatay ng mga nag-ooperasyong tropa ng 86th IB ang magkapatid na sina Ilyong at Roy Mendoza, 45 at 50 taong gulang, habang naghahanap ng pagkain sa kabundukan ng Sityo Lumalog, Barangay Cadsalan sa San Mariano noong Agosto 28, alas-4:30 ng umaga. Ang tatlong batang kasama nila ay hindi pa natatagpuan, at pinangangambahang pinatay na rin ng militar. Maralitang magsasaka ng karatig na Barangay Ballao, Benito Soliven, ang mga Mendoza at madalas mangaso para sa pagkain.

Ipinalabas ng militar ang mga bangkay ng magkapatid bilang mga Pulang mandirigmang namatay umano sa isang engkwentro. Ayon sa yunit ng BHB na

kumikilos sa lugar, walang nangyaring engkwentro sa binanggit na lugar sa panahong iyon.

**Pangasinan**. Pinatay ng mga ahenteng militar ang lider ng Anakpawis na si Lito Sagurit, 40, sa Sityo Mindanao, Brgy. Pampang, San Carlos City noong Agosto 30. Binaril siya matapos makababa sa minamaneho niyang traysikel ang kanyang pasahero.

Bago nito, dalawang *treasure hunter* at kanilang mga katulong ang tinortyur at pinatay ng PNP-Pangasinan sa San Nicolas. Dinukot sina Marcelo Perico, 46, at Crisologo Alambra, 60 at ang mag-asawang Arthuro Galvez at Thelma Albano noong Agosto 24. Kinabukasan, naglabas ng pekeng balita ang PNP na nagkaroon diumano ng isang engkwentro sa lugar at ipinakita ang mga bangkay na may mga marka ng matinding tortyur.

**Leyte**. Isang kasapi ng Mag-uuma nga Nagkahiusa, lokal na organisasyon ng magsasaka sa Albue, ay malubhang nasugatan matapos barilin ng dalawang sundalo noong Setyembre 5. Kinilala ang biktima na si Jason Montalla, 33, may asawa at residente ng Brgy. Calanlin.

**Maynila.** Muling pinagbantaan ng mga ahenteng militar si Piya Malayao ng Sandugo Alliance of Moro and Indigenous Peoples noong Setyembre 13. Nakatanggap din ng mga pagbabanta sa *text* si Joan Jayme ng KATRIBU.

**Ilocos Sur.** Labimpitong aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa NCR at Baguio City ang sinampahan ng kasong bigong pagpatay noong Agosto 17 kaugnay ng pekeng engkwentro noong Agosto 4 sa Brgy. Mabileg, Sigay.

Noong Agosto 29, isa-isang "binisita" ng magkakahiwalay na grupo ng 81st IB ang tatlong sibilyan sa Ilocos Sur. Pinuntahan para gipitin sina Kagawad Leonardo Sabado sa Marozo, Narvacan; Rogelio Vilog ng Subadi Sur, Burgos; at Jonolito Blaza sa Lucbuban, Salcedo. Pinilit silang papirmahin sa isang dokumento para linisin diumano ang kanilang mga pangalan. Hindi pumirma sina Sabado at Blaza habang napilitan si Vilog matapos magbanta ang mga sundalo na idadamay ang kanyang mga kamag-anak.

Kasapi si Blaza ng Anakbayan at Timpuyog ti Mannalon ti Karayan Buaya. Inakusahan siyang myembro ng yunit ng BHB na nagsagawa ng armadong aksyon laban sa Phillip Morris sa Sigay.

Noong Agosto 20, hinaras ng 24th IB sina Shirley Ann Angiwot, *provincial coordinator* ng Kabataan Partylist sa Abra at Archbishop Sergio Utleg ng Roman Catholic Archdiocese ng Tuguegarao para pwersahin silang iatras ang kanilang planong *medical mission* sa Boliney, Abra.

Binintangan nilang kasapi ng BHB si Angiwot at ipinalaganap na may mga Pulang mandirigma sa naturang aktibidad. Dahil dito, napilitan ang simbahan na iatras ang *medical mission*.

Samantala, isa pang aktibista, si Tyran Yesan, ang pinagbantaan ng militar. AB

# Marcos Aggalao, bayani ng Kordilyera

PUMANAW SI Marcos Aggalao, 74 , noong Setyembre 13, alas-8:32 ng umaga sa Intensive Care Unit ng Kalinga Provincial Hospital matapos ang mahigit isang taong pagkakakulong sa gawa-gawang mga kaso ng pagpatay at bigong pagpatay. Mariing kinundena ng rebolusyonaryong mamamayan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao ang hindi agarang pagpapalaya sa kanya ng rehimeng Duterte sa kabila ng pagpapawalambisa ng korte sa kanyang mga kaso.




Iligal na inaresto ng mga tropa ng 50th IB si Aggalao sa kanyang bahay sa Sityo Dalyagan, Barangay Gawaan, Balbalan, Kalinga noong Setyembre 11, 2016. Ikinulong siya sa Kalinga Provincial Jail sa kabila ng kanyang edad at sakit na alta presyon, ulser, pulmonya at nagsisimula nang *dementia* (pagka-ulyanin). Ito'y sa panahong umiiral pa ang magkatugong unilateral na mga tigil-putukan ng NDFP at GRP. Naospital siya dulot ng *stroke* noong Hulyo 7 kung saan naparalisa ang kalahati ng kanyang katawan. Ang mga kapwa preso na lamang nagsusubo sa kanya ng pagkain at tumutulong sa mga personal na pangangailangan.

Muli siyang na-*stroke* noong Agosto 29, at ipinailalim sa *hospital arrest*. Nadismis na ng korte sa Kalinga ang kanyang kaso ngunit sinampahan siya ng iba pang gawa-gawang kaso sa Baguio City.

Sa kabila ng mga panawagan ng NDFP, mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at kahit nakapag-

bayad na ng pyansa ang kanyang pamilya at mga kaibigan, nagmatigas pa rin ang rehimeng Duterte laban sa pagpapalaya sa kanya.

Nagbigay-pugay kay Aggalao ang Cordillera Peoples Alliance at tinawag siyang "tunay na bayani ng mamamayan." Isa siyang *peace-pact holder* ng tribung Salegseg, at bahagi ng malawakang kampanya laban sa proyektong Chico River Dam noong panahon ng diktadurang US-Marcos.

Sa isang pahayag, pinapanagot ng Lejo Cawilan Command ang rehimeng US-Duterte sa pagkamatay ni Aggalao. Ayon kay Ka Tipon Gil-ayab, tagapagsalita ng LCC, "walang-awang nagkibit-balikat ang reaksyunaryong gubyerno sa mga pangangailangang medikal ni Kasamang Marcos hanggang sa tuluyan ng itong bawian ng buhay. Ipinagkait ng reaksyunaryong gubyerno ang mga batayang karapatan ni Kasamang Marcos at ni hindi man lamang binigyang-kunsiderasyon ang kanyang kataandaan at mahinang pangangatawan. Isa si Kasamang Marcos sa mga napagkasunduan ng GRP at NDFP na palayain noong panahon ng negosasyon sa usapang pangkapayapaan dahil matanda na ito at may matinding sakit ngunit hindi ito tinupad ng GRP at tuluyan nang isinara ang usapan. Muli, ipinanawagan ng LCC ang agarang pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal lalo na ang mga matatanda at may sakit."

Ibinigay din ng LCC ang pinakamataas na pagpupugay kay Kasamang Marcos Aggalao, na hindi isinuko ang prinsipyo at hangarin para sa isang malayang bayan. Nang siya ay dakpin ng militar, si Aggalao ay matagal nang nagretiro mula sa Bagong Hukbong Bayan.

Si Aggalao ay kilalang si Ka Monroe nang siya'y nagsilbing Pulang mandirigma noong dekada 1980. AB

# Pananalanta ni Ramon Ang at SMC sa Batangas

KATATAPOS PA LAMANG ng marahas na demolisyon sa Manggahan Floodway at pag-aresto sa mahihirap na nagtatanggol sa kanilang mga tirahan, muli na namang nanalanta sa Batangas ang mga ahente ng estado pabor sa malaking burgesyang kumprador na si Ramon Ang. Si Ang, pinuno ng San Miguel Corporation (SMC) at mga subsidyaryo nito, ay sangkot sa mararahas na pangangamkam ng lupa sa loob at labas ng NCR. Isa siya sa mga pinakamakapangyarihan at malapit na burgesyang kumprador sa rehimeng US-Duterte at sangkot sa maraming proyekto sa ilalim ng programang "Build, Build, Build" ng rehimen.

Pinakahuli sa karahasang idinulot ng SMC ang magkasunod na pamamaslang ng mga elemento ng militar sa mga lider-magsasaka na lumalaban sa mga operasyong pagmimina nito sa Batangas. Tinambangan ng mga lalaking nakasakay sa isang Toyota Vios si Lito Casalla, lider ng samahan ng mga magsasaka ng Baha-Talibayog noong Hunyo 3 habang pauwi siya sa kanyang tirahan sa Balayan. Matapos ang pangyayari, dumiretso ang naturang sasakyan sa planta ng National Power Corporation sa bayan ng Calaca, kung saan naroon ang kampo ng 731st Combat Group, at 202nd IBde.

Nasundan ito ng pamamaslang kay Engracio delos Reyes, 61, noong Setyembre 2, alas-9:30 ng gabi, habang naghahapunan sa loob ng kanyang bahay sa Brgy. Baha, Calatagan. Si delos Reyes, bise presidente ng Samahan ng Maliliiit na Mangingisda at Magsasaka sa Calatagan (SMMMC), ay binaril ng dalawang lalaki na biglang pumasok sa kanyang bahay. Ang dalawang lider magsasaka ay nangunguna sa pagtutol sa pangangamkam ni Ang ng lupa para itayo ang minahan ng semento ng kanyang kumpanyang Asturias Chemical Industries sa Calatagan.

Sa kasalukuyan, ang pwersang militar ng 730th CG at 202nd IBde ang nagsisilbing bayarang mga gwardya ng Asturias sa Calatagan. Walang makabuluhang hakbang ang lokal na pamahalaan dito laban sa iligal na pagtatayo ng mga sundalo ng kampo sa mga bahayan.

Mariing kinundena ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command o EDC) ang magkakasunod na pamamaslang sa Baha at Talibayog. Ani Apolinario Matienza ng EDC, "Wala nang katahimikan ang mamamayan sa barangay ng Baha at Talibayog, simula nang kamkamin ng Asturias na pagmamay-ari ng burgesyang kumprador na si Ramon Ang ang humigit kumulang 808 ektaryang lupain dito upang bigyang daan ang proyektong mina."

Sasaklawin ng Asturias Mining ang lupain ng mga magsasaka na noong dekada 1990 pa ay nakapagbayad na ng amortisasyon sa lupa sa ilalim ng huwad na programa sa lupa ng gubyerno. Sa proyektong ito, 107 magsasaka ang mawawalan ng lupa at tirahan sa Baha at Talibayog. Apektado rin ng proyekto ang mga magsasaka at mangingisda sa 2000 ektaryang pampublikong kalupaan sa baybay dagat. Mawawasak ang kabuhayan ng mga mangingisda bunsod ng masasamang epekto na idudulot ng proyektong mina sa kalikasan at karagatan. Maliban sa minahan ng semento, pinaplano rin ng Asturias na gumawa ng *industrial park* at *resort* ng turista sa lugar na ito.

Noong 1995 lihim na ipinagbili ni Ceferino Ascue ang mahigit 8,000 ektaryang lupa sa Asturias Industries sa ilalim ng SMC. Ito ay kahit halos nabayaran na ng mga magsasaka ang mahigit 500 ektarya nito. Para makalusot, biglang "na-

wala" sa Register of Deeds ng Batangas ang tala ng pagmamay-ari ng mga magsasaka sa lupa.

Mula Hulyo 1997, sunud-sunod ang ginawang maniobra ng Asturias Industries upang mabigyan ng ligal na tabing ang pangangamkam nito ng lupa. Nakakuha ito mula sa DENR ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) at Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa 2,336.8 ektarya na sakop ang mga barangay mula Baha at Talibayog hanggang sa mga karatig barangay ng Hukay, Carlosa, Paraiso, Biga, Luya at Encarnacion. Tumulong rin sa maniobra ang Department of Agrarian Reform (DAR) Region IV Office na nagdeklarang hindi mapatunayan na ang mga lupaing ito ay agrikultural, kundi ay mineralisado, at dapat ay pawalang-bisa ang 818 titulo na naipamahagi na ng DAR sa mga benepisyaryong nakakumpleto ng pagbayad sa amortisasyon.

Bagamat idineklara pa ng Provincial Agrarian Reform Adjudicator (PARAD) noong Setyembre 1998 na iligal ang pagbenta ni Ascue ng lupa at dapat bawiin ang titulo ng Asturias, biglang binago ng parehong ahensya ang desisyon noong 2005 sa kasagsagan ng kampanyang *impeachment* laban kay Gloria Arroyo. Naging bahagi ng pagkuha ni Arroyo sa suporta ng Nationalist People's Coalition (NPC) ang pagbasura sa karapatan ng mga magsasaka. Sinundan naman agad ito ng Korte Suprema ng desisyon laban sa mga magsasaka. Ang NPC ay kontrolado noon ni Eduardo Cojuangco na kasosyo ni Ramon Ang sa pagmamay-ari ng SMC.

Isa lamang ito sa mga halimbawa ng walang kakurap-kurap na pagpapailalim ng burukrasya at militar sa interes ng malalaking burgesya-kumprador laban sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, pagbabaluktutin man ang sarili nitong mga batas. AB

# Sunud-sunod na mga protesta laban sa rehimeng US-Duterte

Sunud-sunod na mga protesta ng masang anakpawis laban sa rehimeng US-Duterte ang idinaos ng iba't ibang grupo, kasama ang mga pambansang minorya ng Manilakbayan, nitong nakaraang dalawang linggo. Dala nila ang pagtutol sa walang humpay na ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga sibilyan sa ilalim ng tripleng gera, makadayuhang mga patakaran sa ekonomya at nagbabadyang pasistang paghahari ng rehimen sa buong bansa.

**Setyembre 8.** Inilunsad ng Movement Against Tyranny ang "Black Friday Protest" laban sa brutal na pamamaslang sa mga kabataan sa ilalim ng "gera kontra-droga" at todo-gera. Nagsimula ang protesta nang alas-5 ng hapon sa tarangkahan ng Miriam College sa Katipunan, Quezon City. Sigaw nila ang hustisya para sa mga biktimang sina Kian Delos Santos at Carl Angelo Arnaiz, gayundin kay Obillo Bay-Ao na pinaslang ng CAFGU.

Lumahok sa protesta ang Women Asserting and Resisting (WAR) for Peace, kababaihan ng Asia and the Pacific na naglulunsad ng porum kaugnay sa Thailand. Nagmartsa mula sa University of the Philippines tungong Miriam College ang mga kasapi ng Sandugo para sumanib sa protesta.


**Setyembre 11.** Nilahukan ng libong kasapi ng CARMMA, SELDA at Sandugo ang protesta sa harap ng Libingan ng mga Bayani kung saan ginugunita ng pamilyang Marcos ang ika-100 kaarawan ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. Hinarang sila ng mga pulis sa tarangkahan ng sementeryo.

Ayon kay SANDUGO Co-Chairperson Jerome Succor Abba, ang mga pambansang minoryang Lumad ay hindi nakalilimot sa ginawang pagpaslang at pangangamkam ng diktadurang Marcos sa kanilang mga lupang ninuno. Tinuligsa naman ng Bayan Muna ang rehimeng US-Duterte sa ginawa nitong pagpapalibing kay Marcos sa naturang libingan.

Ayon kay Bonifacio Ilagan, tagapagsalita ng CARMMA, ang ginagawa ng rehimeng US-Duterte na pagbaligtad sa kasaysayan ay isang malaking kasalanan sa taumbayan. Walang pinag-iba kay Marcos ang patakaran nitong pagpataw ng batas militar sa Mindanao at bantang pagpataw ng batas militar sa buong kapuluan.

Sa pagtatapos ng programa, sinunog nila ang isang istrimer na may drowing ng mukha nina Marcos at Duterte.

**Setyembre 15**. Nagmartsa ang



mga pambansa-demokratikong organisasyon, kasama ang delegasyon ng Sandugo, tungong US Embassy bitbit ang malaking istrimer na may nakasulat na "US Imperialist No. 1 Terrorist" bilang paggunita sa ika-26 taong pagpapalayas ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Hinarang at tinangka silang buwagin ng mga pulis bago makarating ng embahada.

**Setyembre 16.** Naglunsad ng kumperensya ang mga makabayang abugado sa ilalim ng National Union of People's Lawyers bilang paggunita sa ika-10 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng kanilang organisasyon. Tinalakay sa kumperensya ang lumalaganap na pagpaslang sa mga sibilyan at sa mga kasapi ng progresibong samahan, at ang pagtindig ng makabayang mga abugado na ipagpatuloy ang paglilingkod sa sambayanang Pilipino.

**Setyembre 18.** Naglunsad ng piket-protesta ang Karapatan-Sorsogon sa tapat ng Sangguniang Bayan ng Gubat para kundenahin ang pagpaslang sa mga sibilyang Sorsoganon.

Sa NCR, naglunsad ng isang piket ang mga delegado ng Manilakbayan sa harap ng mga upisina ng Department of Energy, Aboitiz at Consunji para tutulan ang mga proyektong pang-enerhiya na sumisira sa kanilang mga lupa at kabuhayan.

Sa partikular, nanawagan silang papanagutin ang DOE dahil nakikipagsabwatan nito sa kumpanya ng Aboitiz at DMCI sa walang puknat na pagkamkam at pagmimina sa lupang ninuno ng mga pambansang minorya na nagreresulta sa malawakang paglabag sa karapatang-tao.

**Setyembre 19.** Nagmartsa ang Karapatan, Sandugo at Kadamay tungo sa tanggapan ng Department of Justice para singilin si DOJ Sec. Vitaliano Aguirre sa pagiging inutil nito sa harap ng patuloy na pagpaslang sa mga inosenteng sibilyan, malawakang paglabag sa karapatang-tao, at pagsampa ng gawa-gawang mga kaso sa mga aktibista.

Pagsapit ng hapon, nagprotesta ang grupong Kadamay sa Mendiola dala ang malaking *effigy* ni Duterte at mga plakard na tumutuligsa sa walang humpay na pagpatay sa mga sibilyan sa ilalim ng Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan, demolisyon, pagpataw ng batas militar sa Mindanao at tangkang pagpapataw nito sa buong kapuluan.

Bago magtapos ang programa, sinunog nila ang *effigy* bilang simbolo ng galit ng maralitang-lunsod.

**Setyembre 20.** Naglunsad ng *vigil* ang PISTON sa paanan ng Mendiola kung saan nagtirik sila ng mga kandila.

Samantala, nagpapatuloy ang paglilibot ng mga delegado ng Manilakbayan sa iba't ibang mga unibersidad sa Metro Manila upang maglunsad ng mga porum at talakayan sa kalagayan ng mga pambansang minorya. Malugod silang tinanggap at sinuportahan ng mga estudyante ng University of Sto. Tomas, Ateneo de Manila at De La Salle University. AB

## Mamamayang Rohingya, sapilitang pinalikas ng Myanmar

MAHIGIT 430,000 ROHINGYA ang sapilitang lumikas mula sa Rakhine State ng Myanmar patungo sa karatig-bansang Bangladesh simula pa noong Oktubre 2016 upang takasan ang kampanyang panunupil ng estado ng Myanmar. Gamit ng gubyerno ang tabing ng pagtugis sa ARSA (Arakan Rohingya Salvation Army) na naglunsad ng pag-atake sa 24 na istasyon ng pulis at sa hedkwarters ng 552nd Light Infantry Battalion sa Rakhine State.

Sa taya ng United Nations (UN), libu-libo na ang namatay sa gutom, pagkalunod at sakit sa pagtangka pa lamang na lumikas.

Dagdag pa ng UN, nasasangkot ang mga militar at pulis sa maramihang pagpaslang at mga panggagahasa sa hilagang bahagi ng Rakhine State, lugar ng mga Rohingya sa Myanmar. Tinagurian ng UN at ibang grupo sa karapatang-tao bilang paglipol ng lahi ang panunupil sa mga muslim na Rohingya at ang kanilang kalagayan bilang isa sa mga pinakaapi.

Sa ilalim ng batas ng Myanmar, walang karapatan ang mga Rohingya sa pagkakakilanlan bilang isang lahi. Dahil dito, hindi sila rehistrado bilang mamamayan ng Myanmar. Itinuturing silang walang sariling bansa at mga iligal na mga imigrante sa kabila ng ilang siglo na nilang pamamalagi sa loob ng bansa. Bawal silang lumabas sa distrito ng Rakhine, wala silang karapatan sa serbisyong edukasyon ng estado at hindi sila pwedeng magtrabaho sa gubyerno. Itinatanggi ng estado ng Myanmar kahit ang kanilang identidad bilang mga Rohingya at sa halip ay tinatawag silang mga Bengali.

Ngayong buwan lamang, mahigit 2,625 kabahayan sa Kotankauk, Myinlut, Kyikanpyin at dalawang ward ng ospital sa Maungtaw ang ibinibintang ng mga militar na sinunog ng ARSA. Subalit kabaligtaran ito sa pahayag ng 60 anyos na lumikas na si Jamal Hossain, "Sinunog ng mga militar ang aming bahay. Sinubukan naming tumakas patungong bundok pero pinatay ng mga militar ang dalawa kong anak at kanilang ina. Nakatakas lang ako kasama ng iba ko pang mga anak. Mga 200 sundalo ang dumating at nagsimulang manunog; wala na, sira na lahat ng mga bahay. Kapag bumalik pa kami at nakita kami ng mga army papatayin lang nila kami." AB